Republic of the Philippines
HOUSE OF REPRESENTATIVES
Quezon City, Manila

Fourteenth Congress
Second Regular Session

HOUSE BILL NO. **4978**

Introduced by Honorable Eduardo Nonato N. Joson

EXPLANATORY NOTE

The Constitution provides that "The State shall promote a just and dynamic social order that will ensure the prosperity and independence of the nation and free the people from poverty through policies that provide adequate social services, promote full employment, a rising standard living, and an improved quality of life for all"(*Section 9, Article II, 1987 Constitution).* Further, *"*The promotion of social justice shall include the commitment to create economic opportunities based on freedom of initiative and self-reliance" (*Section 2, Article XIII, 1987 Constitution).*

Now, in the midst of exorbitant costs of living and unprecedented inflation, our people could hardly cope to keep body and soul together. More and more people are exploring other avenues to augment their income. An alternative source of income for many is sidewalk vending. These ambulant vendors offer a wide gamut of merchandise and even food to the public along busy thoroughfares, along alleys or streets and vacant areas in the midst of human or vehicular traffic.

Unfortunately, these sidewalk vendors are often perceived as nuisances, obstructing vehicular and human traffic, and causing pollution along sidewalks, thoroughfares and avenues. Thus, they are sometimes subjected to harassment, their wares confiscated and their vending carts dismantled or taken away.

Sidewalks are for public use. "The use of property bears a social function, and all economic agents shall contribute to the common good. Individuals and private groups, including corporations, cooperatives, and similar collective organizations, shall have the right to own, establish, and operate economic enterprises, subject to the duty of the State to promote distributive justice and to intervene when the common good so demands" (*Section 6, Article XII, 1987 Constitution).* This measure seeks to accommodate or balance the interests of the general public and the livelihood of the sidewalk vendors. With the proposals in this bill, the author seeks to address concerns such as traffic, and pollution, by regulating the areas open for sidewalk vending and the time for conducting such activity. At the same time, there are provisions seeking to protect the livelihood of sidewalk vendors in recognition of the principle that those who have less in life should have more in law.

Hence, approval of this bill is earnestly sought.

EDUARDO NONATO N. JOSON

Republic of the Philippines
HOUSE OF REPRESENTATIVES
Quezon City, Manila

Fourteenth Congress
Second Regular Session

HOUSE BILL NO. **4978**

Introduced by Honorable Eduardo Nonato N. Joson

AN ACT TO PROTECT THE RIGHTS OF SIDEWALK VENDORS, DESIGNATING A PLACE FOR THEM TO PLY THEIR WARES AND FOR OTHER PURPOSES

Be it enacted by the Senate and House of Representatives in the Philippines in Congress assembled:

SECTION 1. **Policy**- It is the policy of the state to afford full protection to labor and to those engaged in livelihood or business or other entrepreneurial activities resulting in gainful employment or income generating activities. Towards this end, the state shall accommodate the interest of those who are engaged in gainful livelihood or other entrepreneurial activity and afford the mantle of protection of the law to them.

SECTION 2. **Definition of Terms**

a. Vendor- a seller, retailer, dealer, supplier, merchant, hawker
b. Sidewalk vendor- an itinerant vendor who sells his merchandise alongside a street, alleys, or vacant areas along roads.
c. Sidewalk- a paved path for pedestrians alongside a street
d. Pedestrian- a person who travels on foot, especially in an area also used by cars
e. Pedestrian traffic- volume of movement of person on a sidewalk, road or in any other area
f. Sidewalk obstacle- a thing that impedes a road, passage or somebody's way.
g. Mobile or ambulant- moving from place to place
h. Local Government Units (LGU)- refer to the municipality, city or province as provided for under the Local Government Code.

SECTION 3. **Designated place and time for sidewalk vendor**

Each LGU shall allot, whenever feasible, a designated area or place where sidewalk vendors can ply their trade. For mobile or ambulant vendors, the Local Government Unit (LGU) shall also allow such livelihood activity with due consideration for pedestrian or vehicular traffic, sanitation or other similar concern.

Tiangge, ukay-ukay, night markets or other similar vending or selling of goods shall also be allowed by LGU's for any specific time or schedule as may legally be feasible.

SECTION 4. **Registration/Permit/Fees**- No permit shall be required for sidewalk vending nor any fees charged against said vendors. Said vendors are however required to register with the Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) and the Municipal Health office for those engaged in selling food products.

SECTION 5. **Prohibition/Penalty**

a. The goods or merchandise of vendors shall not be confiscated, damaged or destroyed by any law enforcement officer or their agents.
b. The equipment, cart or other vehicles used by the said vendors shall not be confiscated, damaged or otherwise destroyed by any law enforcement officer or their agents.
c. No vendor shall be arbitrarily arrested or invited for questioning except on the basis of a valid warrant of arrest.

Any violation of Section 5 hereof shall be punishable by a fine of Five Thousand Pesos (P5, 000.00) or imprisonment of Six (6) months to One (1) year. Said vendor shall also be indemnified for actual damages suffered.

SECTION 6. **Credit Facility**- Each LGU thru their development fund shall allocate at least Five Hundred Thousand (P500, 000.00) for lending to the vendors as seed capital or for the purchase of equipment by the vendor.

SECTION 7. **Seminars**- LGU's shall conduct seminars and/or other training for free to vendors. Such seminar and training shall include health or sanitation, management, livelihood and other related subject on entrepreneurship.

SECTION 8. **School Permission**- Duly registered vendors shall not be required to obtain a permit from any school or other public or private institution in duly designated areas set aside by the LGU's for vending.

SECTION 9. **Implementing Rules and Regulation**- The concerned LGU in coordination with the Department of Social Welfare and Development (DSWD) shall promulgate the rules and regulations for the effective implementation of this Act within thirty (30) days from the approval thereof.

SECTION 10. **Separability Clause**- If any provision of this Act shall be declared unconstitutional or invalid, the other provisions not otherwise affected shall remain in full force and effect.

SECTION 11. **Repealing Clause**- all laws, executive orders or issuances, or any part thereof, inconsistent herewith are hereby repealed or amended accordingly.

SECTION 12. **Effectivity Clause-** This Act shall take effect fifteen (15) days after its publication in at least two (2) newspapers of general circulation in Filipino and English.

Approved,

REPUBLIKA NG PILIPINAS
KAPULUNGAN NG MGA KINATAWAN
Quezon City, Manila

IKA-14 NA KONGRESO
IKALAWANG REGULAR NA SESYON

PANUKALANG-BATAS BLG_____

Panukala ni Kgg. Eduardo Nonato N. Joson

PALIWANAG

Sinasabi sa Konstitusyon na "Dapat itaguyod ng Estado ang makatwiran at dinamikong kaayusang panlipunan na titiyak sa kasaganaan at kasarinlan ng bansa at magpapalaya sa sambayanan laban sa kahirapan sa pamamagitan ng patkarang nagtatakda ng sapat na mga lingkurang panlipunan, nagtataguyod ng pagkakataon na makapaghanapbuhay ang lahat, umaangat na istandard ng pamumuhay at ng lalong mainam na uri ng buhay para sa lahat." (*Seksiyon 9, Artikulo II, Konstitusyong 1987).* Dagdag pa, ″Dapat na kalakip sa pagtataguyod ng katarungang panlipunan ang komitment sa paglikha ng mga pagkakataong ekonomiko na nasasalig sa kalayaan sa pagpapatiuna at pagtitiwala sa sariling kakayahan." (*Seksiyon 2, Artikulo XIII, Konstitusyong 1987).*

Ngayon, sa gitna ng mataas na gastusin sa pamumuhay at lubhang mataas na inflation, hindi na halos makagulapay ang taumbayan. Dumadami ang taong naghahanap ng ibang paraan para magkaroon ng dagdag na kita. Isang alternatibong hanapbuhay para sa marami ang pagtitinda sa sidewalk. Itong lumilibot na vendors ay nagtitinda sa publiko ng samutsaring kalakal at kahit pagkain sa mga abalang kalsada, sa mga eskinita, o mga kalye at bakanteng lugar sa gitna ng trapiko ng tao at sasakyan.

Sa kasamaang palad, itinuturing na abala itong mga sidewalk vendor, hadlang sa trapiko ng sasakyan at tao, lumilikha ng polusyon sa sidewalk, daanan at mga kalye. Kaya hinaharas sila, kinukumpiska ang kanilang paninda at binabaklas o hinahakot ang kanilang mga kariton.

Para sa gamit ng publiko ang mga sidewalk. "Ang paggamit ng ari-arian ay may nauukol na tungkuling sosyal, at lahat ng mga kinatawang pangkabuhayan ay dapat mag-ambag sa kabutihang panlahat. Dapat magkaroon ng karapatan ng mga indibidwal at mga pribadong pangkat, kabilang ang mga korporasyon, mga kooperatiba, at katularing mga lansakang organisasyon, na magmay-ari, magtatag at magpalakad ng mga negosyong pangkabuhayan, sa saklaw ng tungkulin ng Estado na itaguyod ang marapat na katarungan at manghimasok kapag hinihingi ng kabutihang panlahat" (*Seksiyon 6, Artikulo XII, Konstitusyong 1987).* Layunin ng panukalang itong isaalang-alang o balansehin ang interes ng kalahatang publiko at ang kabuhayan ng mga sidewalk vendor. Sa mga proposal sa panukalang batas na ito, layunin ng awtor na tugunan ang mga usapin tulad ng trapiko, polusyon, at regulasyon ng mga pook na bukas para sa pagtitinda sa sidewalk at ng oras na nakalaan para sa gawain ng pagtitinda. Gayundin, may mga probisyon na layuning protektahan ang

paghahanapbuhay ng mga sidewalk vendor bilang pagkilala sa prinsipyo na dapat na may higit na puwang sa batas ang mga kulang ng puwang sa buhay.

Ang pagpapatibay ng panukalang batas na ito ay hinihiling.

EDUARDO NONATO N. JOSON

REPUBLIKA NG PILIPINAS
KAPULUNGAN NG MGA KINATAWAN
Quezon City, Manila

IKA-14 NA KONGRESO
IKALAWANG REGULAR NA SESYON

PANUKALANG-BATAS BLG_____

Panukala ni Kgg. Eduardo Nonato N. Joson

Hayaang pagpasiyahan ng Senado at ng Mababang Kapulungan ng Pilipinas sa Kongreso na nagtitipon:

ISANG PANUKALANG BATAS NA MAGPOPROTEKTA SA KARAPATAN NG MGA SIDEWALK VENDOR, PAGLALAAN NG LUGAR PARA SA KANILANG MGA PANINDA AT PARA SA IBA PANG LAYUNIN

SEKSIYON 1. **Patakaran**- Patakaran ng estado na bigyan ng ganap na proteksiyon ang paggawa at ang mga kalahok sa paghahanapbuhay o negosyo o iba pang pangnegosyong gawain na nagbubunga ng produktibong empleyo o gawaing kumikita. Sa layuning ito, pagbibigyan ng estado ang interes ng mga kalahok sa produktibong paghahanapbuhay o iba pang pangnegosyong gawain at magbigay ng proteksiyon ng batas sa kanila.

SEKSIYON 2. **Depinisyon ng mga Termino**

a. Vendor- isang nagtitinda, tagatingi, suplayer, komersiyante, tindero/a
b. Sidewalk vendor- lumilibot na tindero na nagbebenta ng mga kalakal sa kalsada, eskinita o mga bakanteng lugar sa kahabaan ng mga daan.
c. Sidewalk- isang sementadong daanan ng mga pedestrian sa kahabaan ng isang kalye
d. Pedestrian- isang tao na naglalakad, lalo na sa mga lugar na dinadaanan din ng mga kotse
e. Trapiko ng pedestrian – dami ng kilos ng tao sa daanang sidewalk, kalsada o iba pang lugar
f. Hadlang sa sidewalk – isang bagay na istorbo sa kalsada, daan, o daanan ng ibang tao.
g. Lumilibot – palipat-lipat ng lugar
h. Local Government Units (LGU)- tumutukoy sa munisipalidad, lungsod o probinsiya sa ilalim ng Local Government Code.

SEKSIYON 3. **Nakalaang lugar at oras para sa sidewalk vendor**

Maglalaan ang bawat LGU, anumang panahong puwede, ng isang nakalaang lugar kung saan puwedeng ikalakal ng mga sidewalk vendor ang kanilang mga paninda. Sa mga vendor na lumilibot, pahihintulutan din ng LGU (Local Government Unit) ang

gayong mga gawaing pangkabuhayan nang may konsiderasyon sa trapiko ng pedestrian at sasakyan, sanitasyon at iba pang katulad na usapin.

Ang tiangge, ukay-ukay, night market o mga katulad na iba pang pagbebenta ng kalakal ay pahihintulutan din ng mga LGU sa mga espesipikong oras o iskedyul na sang-ayon sa batas.

SEKSIYON 4. **Rehistrasyon/Permit/Bayarin**- Walang kailangang permit para sa sidewalk vending o anumang bayarin na sisingilin sa mga naturang vendors. Gayunman, ang mga naturang vendors ay magpaparehistro sa Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO) at sa opisina ng Municipal Health para sa mga nagbebenta ng mga produktong pagkain.

SEKSIYON 5. **Pagbabawal/Kaparusahan**

a. Ang mga produkto o paninda ng mga vendors ay hindi kukumpiskahin, sisirain, o wawasakin ng sinumang opisyal/alagad ng batas o kanilang mga ahente.
b. Ang mga kasangkapan, kariton o iba pang behikulong ginagamit ng naturang mga vendors ay hindi kukumpiskahin, sisirain, o wawasakin ng sinumang opisyal/alagad ng batas o kanilang mga ahente.
c. Walang vendor ang arbitraryong aarestuhin o iimbitahan para tanungin maliban kung may batayang warrant of arrest.

Alinmang paglabag sa Seksiyon 5 na ito ay paparusahan ng pagbabayad ng Limang Libong Piso (P5,000.00) o pagkakulong ng Anim (6) buwan hanggang Isang (1) taon. Babayaran ang naturang vendor ng aktuwal na halaga ng pagkasirang kaniyang dinanas.

SEKSIYON 6. **Pasilidad sa Pautang** – Ang bawat LGU sa pamamagitan ng kanilang development fund ay maglalaan ng hindi bababa sa Limandaang Libong Piso (P500,000.00) para sa pagpapautang ng panimulang puhunan sa mga vendors o para sa pagbili ng mga kasangkapan ng vendors.

SEKSIYON 7. **Mga seminar**- Magsasagawa ang mga LGU ng mga seminar at/o iba pang pagsasanay para sa mga vendors nang walang bayad. Kasama sa gayong mga seminar at pagsasanay ang kalusugan o sanitasyon, pangangasiwa, kabuhayan at iba pang kaugnay na paksa sa pagnenegosyo.

SEKSIYON 8. **Permiso ng Paaralan** – Ang mga rehistradong vendors ay hindi kailangang kumuha ng permit sa alinmang paaralan o iba pang publiko o pribadong institusyon sa mga angkop na inilaang lugar ng mga LGU para sa pagbebenta.
SEKSIYON 9. **Mga Tuntunin at Regulasyon sa Pagpapatupad –** Ang mga kinauukulang LGU sa koordinasyon sa Department of Social Welfare and Development (DSWD) ang maghahayag ng mga tuntunin at regulasyon para sa mabisang pagpapatupad ng panukalang ito sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa pagpapatibay nito.

SEKSIYON 10. Pagbubukod Sugnay - Kung anumang bahagi, seksyon o probisyon ng batas na ito ang ipalagay na walang-bisa, o di-naaayon sa saligang batas, ang ibang probisyon na hindi naaapektuhan dahil dito ay mananatiling may bisa at epekto.

SEKSYON 11. Pagpapawalang bisang sugnay – Lahat ng batas, ipinag-atas, utos, alituntunin at regulasyon at iba pang itinadhana na salungat sa mga probisyon ng batas na ito ay pinapawalang bisa, sinususugan o binabago alinsunod dito.

SEKSYON 12. Pagkabisa – Ang batas na ito ay magkakabisa labinlimang (15) araw pagkatapos na ito ay malathala sa Filipino at Ingles sa dalawa (2) man lamang na pahayagan ng malawakang sirkulasyon.